AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 11

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **"Tamang Pagsusuot o Paggamit ng Medical Mask".** Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 11**

Sources: Department of Health & Department of Interior and Local Government (April 2020)

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Joy ng Pasay City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, kailan po ba dapat ako magsuot ng medical mask?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Joy!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Bilang kasagutan sa iyong tanong,

⚠️ Ayon sa Department of Interior and Local Government (DILG), REQUIRED na po ang pagsusuot ng FACEMASK tuwing lalabas tayo ng ating bahay 😷. Ngunit, upang makiisa sa ating mga kababayan, gumamit tayo ng REUSABLE FACEMASK o facemask na nalalabhan at muling nagagamit.

Hangga't maaari, iwasan nating gumamit ng medical mask dahil ito ang ginagamit ng ating mga frontliners at mga taong maysakit.

‼️ Mahalaga rin na ikaw ay magsuot ng FACEMASK kung:
(1) Ikaw ay may ubo't 🗣️ sipon 😪, respiratory symptoms 🤒, o nahihirapang huminga. 😫
(2) Ikaw ay may inaalagaang kapamilya na may ubo't sipon o respiratory symptoms. 🤒

**IV.✊ HAMON**

Syempre, kung gagamit tayo ng face mask, ugaliin natin ang tamang pagsusuot at pagtatapon nito (kung ito ay medical mask): ✔️☐🗑️

(1) Isuot ang facemask gamit ang earloop ➰👂. Siguraduhing maayos itong nakalapat sa ilong 👃, bibig 👄, at baba. (Ang may kulay ang nasa labas. 😉)

(2) Kung nabasa 💦 o nadumihan ang iyong MEDICAL MASK, itapon natin ito agad at palitan. 🗑️ (Oops! Huwag nating hahawakan ang face mask ❌🖐️😷. Gamitin ang earloop sa pagtatanggal nito. 👂➰☐)

(3) Hindi dapat gamitin ng higit sa walong oras ❌🕗 ang MEDICAL MASK. Hindi rin ito maaaring gamitin muli o hugasan ❌💦😷. (Kung reusable ang iyong facemask, labhan ito upang mapatay ang germs, bacteria, at virus na nakakapit dito.)

(4) Siguraduhin na labahan ang REUSABLE o TELANG MASK gamit ang tubig, sabong panlaba, at kaunting bleach. 😷🧺🧼

(5) Kung ito ay MEDICAL MASK, pagkatapos tanggalin at itapon ito😷🗑️, maghugas ng kamay gamit ang tubig at sabon o sanitizer na may 70% solution. 🧼➕🤲

Bukod sa paggamit ng face mask, marami pa tayong pwedeng gawin upang maiwasan ang COVID-19.

Alagaan ang ating katawan sa pamamagitan ng paghuhugas ng kamay 🧼 o paglalagay ng alcohol ➕, pagdistansya sa ibang tao 👧 👩, at pagtatakip ng bibig o ilong kung uubo o sisinga. 🤭

Siguraduhin din nating kumain ng masustansyang pagkain 🍊, uminom ng maraming tubig 🥛, mag-ehersisyo 🏋️‍♂️, at matulog nang wastong oras. 😴

Ating tandaan ang dalawang bagay na ito:

Mask is a must. 😷

At, ang malakas nating resistensya ang proteksyon natin sa COVID-19. 👊🦠😉

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Anu-ano ang mga dahilan kung kailan maaaring mag-suot ng facemask?
🔎 Tama o Mali. Mag-suot ng mask kahit walang sintomas ng COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Hindi pwedeng ipanghalili ang panyo o tela?
🔎 Anu-ano ang tamang paraan ng pag-gamit ng medical mask?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻‍🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."